Isang Patnubay sa Humanitarian at Compassionate Applications (H&C)

MOSAIC

Legal Services Society
British Columbia
www.lss.bc.ca

THE LAW FOUNDATION OF BRITISH COLUMBIA

1720 Grant St.
Vancouver BC V5L 2Y7
604-254-9626
mosaic@mosaicbc.com
www.mosaicbc.com
© MOSAIC 2008

Ang proyekto na ito ay ginawang possible sa pamamagitan ng pinansiyal na suporta ng Legal Services Society of British Columbia at ng The Law Foundation of British Columbia.

Orihinal na publikasyon: Mayo 2004
Awtor: Bediako Buahene, LLB. Immigration and Citizenship Lawyer
Binago: Nobyembre 2008
Isinapanahon ni: Miriam Jurigová, LLB, MOSAIC Legal Advocacy Program
Legal na suporta at rebyu: Shane Molyneaux, LLB, immigration and citizenship lawyer, Elgin Cannon and Associates

Ang publikasyon na ito ay hindi maaaring kopyahin para sa pangkomersiyong layunin, pero hinihikayat ang pagkopya para sa ibang mga layunin, nang sinasabi kung saan ito nanggaling. Huwag mag-atubiling gumawa ng mga kopya ng mga pahina para sa sinumang nangangailangan ng impormasyon.

Mga Nilalaman

Ano ang H&C? 1
Ano ang mga panganib na hinaharap ko kapag nag-aaplay para sa H&C? 2
Para sa anong mga dahilan ako mag-aaply para sa H&C? 3
Kahirapan 3
Medikal na kahirapan 3
Katunayan ng kahirapan 3
Panganib 4
Panganib ng pagmamalupit 5
Mga Bata 6
Anong impormasyon ang magpapahina sa aking H&C na kaso? 7
Paano ako mag-aaplay para sa H&C? 8

Ano ang H&C?

Ang H&C na aplikasyon ay isang Humanitarian and Compassion na aplikasyon.

Kapag nag-aplay para sa H&C, ang mga imigrante ay nakakahingi ng tanging permiso na manatili sa Canada (para sa mga makatao at madamaing dahilan) habang prinoproseso ang kanilang aplikasyon para sa pagiging permanenteng residente. Ang H&C ay ang huling pagsubok na manatili sa Canada.

Sasabihin sa iyo ng patnubay na ito kung ano ang isasaalang-alang kapag nag-aaplay at kung paano mag-aplay para sa H&C.

Mangyaring tandaan: Ang Humanitarian at Compassionate na mga aplikasyon ay pinaikli sa buong patnubay na ito at ginawang H&C.

Ano ang mga panganib na hinaharap ko kapag nag-aaplay para sa H&C?

Bago ka mag-aplay na manatili sa Canada para sa humanitarian at compassionate na mga dahilan, mangyaring tandaan ang apat na panganib na iyong hinaharap:

Ang H&C na aplikasyon ay **hindi nangangahulugang** hindi ka maaaring i-deport, maliban na lamang kung naghihintay ka ng isang Pre-Removal Risk Assessment (PRRA).

1. **Mababâ** ang mga pagkakataong magtagumpay sa isang H&C na apliasyon — wala pang 20%.
2. Dapat mong **patunayan** na karapat-dapat kang maaprubahan ng iyong H&C na aplikasyon — ikaw lamang ang mananagot na magbigay ng **angkop na impormasyon at dokumentasyon**.
3. **Magastos** ang mag-aplay para sa H&C**:** $550 para sa bawat taong may sapat na gulang at $150 bawat bata (maliban kung ang bata ay isang Canadian citizen)[1]. Kung nagpasiya kang kumuha ng abogado na tutulong sa iyong aplikasyon, malamáng na malaki ang gastos dahil sa dami ng trabahong kinakailangan para dito. Bago ka mag-aplay para sa H&C, pagpasiyahan kung sapat ang gastos para dito.

Kung nagpasiya kang mag-aplay para sa H&C, anuman ang mga panganib at mga gastos, kahit na may mga panganib at mga gastos, dapat mong siguraduhing ang iyong mga pormularyo ng aplikasyon at mga dokumento ay magkokombinse sa iba upang makapanatili ka sa Canada. **Ikaw ang bahalang** manigurado na ang iyong aplikasyon ay kompleto — ang mga opisyal ng imigrasyon ay hindi obligadong magsabi sa iyo na may kulang na impormasyon at maaari nilang tanggihan lamang ang iyong claim.

Kung tinanggihan ang iyong H&C na aplikasyon, ang iyong kaisa-isang opsyon ay ang mag-aplay sa Federal Court of Canada para sa isang rebyu ng korte o apela. Mahirap ang magpunta sa Federal Court. Dapat mong katawanin ang iyong sarili o dapat ay handa kang kumuha ng abogado na mangangatawan sa iyo. Ang mga kaibigan, mga kamag-anak, mga immigration consultant at community workers ay hindi pinapayagang magsalita para sa iyo.

[1] Ang mga batang ipinanganak sa Canada ay mga Canadian citizen, nang may ilang mga eksepsiyon (tulad ng mga batang ipinanganak sa mga diplomat).

Para sa anong mga dahilan ako mag-aaply para sa H&C?

Ang mga tao ay karaniwang nag-aaplay para sa H&C para sa **dalawang pangunahing dahilan: kahirapan** at **panganib**.

Kahirapan

Ang "kahirapan" ay tumutukoy sa isang sitwasyon na magdudulot sa iyo ng mga malubhang problema o paghihirap. Maaaring magpasiya kang mag-aplay para sa H&C kapag haharap ka ng kahirapan kung pinuwersa kang umalis ng Canada at bumalik sa iyong sariling bansa.

Mangyaring tandaan: Kung nakapagtatag ka na sa Canada at hindi ka makabalik sa iyong sariling bansa dahil hindi ka kikilalanin bilang isang mamamayan doon at walang gobyernong namamahala doon, dapat kang mag-aplay para sa H&C.

Medikal na kahirapan

Hindi karaniwang pinalalakas ng mga medikal na problema ang iyong kaso, maliban kung ikaw o ang isang kapamilya ay nanganganib na mamatay dahil ang iyong sariling bansa ay walang sapat o angkop na medikal na paggamot. Kung ganito ang iyong sitwasyon, dapat mong isama ang impormasyon tungkol sa medikal na kondisyon sa iyong H&C na aplikasyon, at dapat mong isama ang medikal na impormasyon mula sa mga eksperto sa iyong sariling bansa na nagpapatunay sa panganib na haharapin mo o ng iyong kapamilya kung pinuwersa kayong bumalik sa inyong sariling bansa.

Katunayan ng kahirapan

Upang patunayan na haharap ka ng kahirapan kung na-deport ka sa iyong sariling bansa, dapat mong ipakita na ikaw ay nakapagtatag na sa Canada. Isaalang-alang ang mga sumusunod na factor na nagdaragdag sa iyong naitatag sa Canada. At tandaan: naiiba ang bawat kaso. Pananagutan mong iharap ang iyong kaso sa pinakamahusay na makakaya mong gawin.

- Ang katagalan ng panahon na nakatira ka sa Canada (mas maigi kapag mas matagal)
- Ang katagalan ng panahon na ginugol mo sa pangongolekta ng welfare (malakás na inirerekomenda sa iyo ang hindi mangolekta ng welfare — maaari itong gamiting dahilan ng isang opisyal sa imigrasyon na tanggihan ang iyong claim)
- Ang iyong kahusayan sa wikang Ingles/Pranses at ang iyong mga pagsisikap na pahusayin ang mga ito
- Ang iyong mga pagsisikap na pahusayin ang iyong edukasyon at skills habang nasa Canada

- Ang bilang ng mga kapamilya/mga kamag-anak na mayroon ka sa Canada (mas maigi ang mas marami)[2]
- Gaano kadalas ang iyong kontak sa pamilya sa Canada (mas maigi ang mas marami)
- Gaano kadalas ang iyong kontak sa pamilya sa iyong sariling bansa (ang pagkakaroon ng maraming malapít na kamag-anak sa iyong sariling bansa ay nagmumungkahing mas kaunti ang kahirapan kapag bumalik ka)
- Mga anak na ipinanganak sa Canada (maigi) o mga anak na nakatira pa rin sa iyong sariling bansa (hindi maigi)
- Mga kontak sa Canada maliban sa pamilya
- Mga dating trabaho sa Canada at mga tax na binayaran mo
- Ang iyong kasalukuyang trabaho at katagalan ng iyong trabaho
- Ang iyong mga ari-arian sa Canada, kabilang ang bahay ng iyong pamilya, mga RSP, mga RESP, mga bank account, mga investment account, mga sasakyang pangnegosyo (mas maigi ang mas maraming mga ari-arian)
- Ang iyong mga ari-arian sa ibang bansa (mas maigi ang mas kaunti)
- Ang iyong pagtulong sa komunidad (na mayroon o walang kinalaman sa relihiyon) at trabaho bilang boluntaryo
- Magagandang reference letters mula sa mga tao sa iyong lugar ng trabaho, eskwelahan, organisasyon para sa boluntaryo, relihiyosong komunidad, atbp.
- Ang iyong mga pinansiyal o kultural na kontribusyon sa Canada
- Ang mga ispesipikong kahirapan na haharapin mo/ng iyong pamilya sa iyong sariling bansa
- Kung ikaw ay babae, ang mga kahirapang hinaharap mo sa iyong sariling bansa

Panganib

Ang "panganib" ay nangangahulugang isang malubhang posibilidad ng alinman sa sumusunod na maaaring mangyari sa iyo kung pinuwersa kang umalis ng Canada patungo sa iyong sariling bansa. Dapat mong patunayan na hinaharap mo ang isa o higit pa sa mga sumusunod na panganib na ito.

- Pagmamalupit (halimbawa, tratratuhin nang masamâ dahil sa iyong mga politikal o relihiyosong paniniwala)
- Labis na pagpapahirap
- Panganib sa buhay
- Panganib ng malupit o 'di-karaniwang pagpaparusa

[2] Kung ikaw ay kasal sa isang permanent resident o Canadian citizen, dapat kang magsumite ng isang sponsorship application sa ilalim ng Family Class; gayunman, maaari itong mangailangan ng karagdagang pagsasaalang-alang ng H&C.

Mangyaring tandaan: Kung nag-aplay ka para sa H&C, hindi mo maaaring ibigay ang mga parehong dahilan na ibinigay mo sa isang refugee hearing na itinanghal pagkatapos ng **ika-28 ng Hunyo 2002.**

Panganib ng pagmamalupit
Rerebyuhin ng isang Pre-Removal Risk Assessment (PRRA) na opisyal ang anumang aplikasyon sa H&C na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga panganib kapag kinailangang umalis sa Canada. Hindi ka ide-deport hangga't hindi narebyu ng PRRA na opisyal ang iyong aplikasyon at nakagawa ng desisyon.

Mangyaring tandaan: Kung ang iyong refugee hearing ay itinanghal pagkatapos ng ika-28 ng Hunyo at ipinahayag ng iyong H&C na aplikasyon na humaharap ka ng panganib ng pagmamalupit sa iyong sariling bansa, ang impormasyon na ito ay dapat bago at dapat hindi isinumite sa iyong refugee hearing. At ang panganib ng pagmamalupit ay dapat ispesipiko sa iyo/iyong pamilya. Ang impormasyon tungkol sa mga pangkalahatang rekord ng hindi magandang karapatang pantao ay hindi sapat. Dapat mong ipakita na ikaw ay personal na naapektohan.

Para sa maaasahang impormasyon tungkol sa mga karaniwang kondisyon sa iba't-ibang mga bansa, maaari mong konsultahin ang mga sumusunod na website:

BBC News: www.news.bbc.co.uk
Amnesty International: www.amnesty.org
Human Rights Watch: www.hrw.org
Immigration and Refugee Board Documentation Centre: www.irb.gc.ca (sa ilalim ng Country of Origin Research)

Ang mga hindi magandang pasilidad sa edukasyon at ang posibilidad na hindi makakahanap ng trabaho sa iyong sariling bansa ay hindi katunayan ng panganib.

Upang matiyak ang panganib, isasaalang-alang lamang ng mga PRRA na opisyal ang bagong ebidensiya. Pero maaari nilang isaalang-alang ang mahalagang ebidensiya na hindi makuha dati sa panahon ng iyong refugee hearing, kabilang ang medikal na ebidensiya ng labis na pagpapahirap o ebidensiya ng mga kondisyon sa iyong sariling bansa na may epekto sa iyo.

Kung may panganib na ikaw ay lubos na pahihirapan pero hindi ka pa gumagawa ng refugee claim, pag-isipang gumawa ng claim ngayon. Bukod pa sa Convention refugees, prinoprotektahan ng Canada ang mga tao na maaaring hindi umaakma sa paglalarawan ng UN sa isang refugee. (Kumuha ng kwalipikadong legal na payô kung naniniwala kang ganito ang kaso.)

Mga Bata

Kung mayroon kang mga anak, isama ang mga sulat ng opinyon tungkol sa kanila sa iyong H&C na aplikasyon. Maaaring sumulat ang school counsellors, community health workers, family doctors, mga guro, social workers o psychologists tungkol sa masasamang epekto sa kaisipan/katawan kapag bumalik sa iyong sariling bansa ang iyong mga anak.

Dapat isaalang-alang ng opisyal na magbabasa ng iyong aplikasyon ang "mga pinakamabuti para sa bata," halimbawa, kung mas mabuti para sa iyong anak/mga anak na manatili sa Canada o bumalik sa iyong sariling bansa kasama mo. Titiyakin ng opisyal kung gaano ang ties ng iyong mga anak sa Canada batay sa kung sila'y ipinanganak sa Canada o hindi, kung sila'y puma(pa)sok sa eswelahan sa Canada at kung sila'y nakapunta na kailanman sa iyong sariling bansa.

Anong impormasyon ang magpapahina sa aking H&C na kaso?

Magpapahina sa iyong kasong manatili sa Canada ang mga sumusunod na dahilan at impormasyon:

- Ang iyong ties sa Canada ay batay unang-una sa iyong pagtrabaho dito at pagbayad ng taxes
- Ikaw ay nasa welfare para sa karamihan ng iyong panahon sa Canada
- Mayroon kang criminal record

Mangyaring tandaan: Kung nag-aplay ka para sa H&C upang manatili sa Canada, dapat mong ibunyag ang impormasyon na ito kahit na magpapahina ito sa iyong kaso at, sa ilang mga pangyayari, maghadlang sa iyo na makakuha ng permanent residence. Ayon sa Citizenship and Immigration Canada, lagi ring kinakailangan ang medikal na pagsusuri, criminal record checks, pinansiyal na impormasyon, atbp. Hindi mo maaaring maiwasan ang mga pagsusuring ito. Kung uma-aplay sa iyo ang isa sa mga dahilan sa itaas, maigi ang pag-isipan mo ang epekto nito sa iyong aplikasyon bago ka mag-aplay para sa H&C at bago bayaran ang lahat ng mga gastos para dito. Maigi ang humingi ng kwalipikadong legal na tulong kung mayroon kang mga inaalala tungkol sa pagbigay ng impormasyon na ito.

Paano ako mag-aaplay para sa H&C?

Kung nagpasiya kang mag-aplay para sa H&C pagkatapos basahin ang patnubay na ito, sundin ang mga sumusunod na hakbang:

1. Kunin ang patnubay sa aplikasyon na tinatawag na **Applying for Permanent Residence within Canada — Humanitarian & Compassionate Cases (Pag-aplay para sa Pagiging Permanenteng Residente sa loob ng Canada - para sa mga makatao at madamaing dahilan)** sa pamamagitan ng pagbisita sa www.cic.gc.ca o pagtawag sa Citizenship and Immigration Canada sa 1-888-242-2100.
2. Sundin nang maigi ang patnubay at kumpletohin ang lahat ng mga kinakailangang pormularyo. Siguraduhing sagutin ang lahat ng mga katanungan.
3. Kung nag-aaplay ka bilang isang failed refugee, huwag isama ang Canadian medical exam o police clearance — ibinigay mo na ang mga ito kasama ng iyong refugee claim. Kung tinanggap ka, hihingan ka ng Citizenship and Immigration Canada ng isang bagong medical exam at police clearance.
4. Bago mo ipadala ang aplikasyon sa Citizenship and Immigration Canada, gumawa muna ng kopya ng lahat ng mga dokumento para sa iyong mga rekord.
5. Ipadala ang aplikasyon nang registered mail o express post upang makompirma mo kung kailan ito natanggap.

Mangyaring tandaan: Ang Legal Services Society (LSS) ay tumatanggap ng mga kahilingan sa legal aid para sa mga H&C na aplikasyon sa ilang mga limitadong pangyayari. Kung hindi mo kayang magbayad sa isang abogado, konsultahin ang LSS upang malaman kung kwalipikado ka para sa coverage sa ilalim ng legal aid. Bisitahin ang LSS nang personal (humanap ng opisina sa http://www.lss.bc.ca/legal_aid/legalAidOffices.asp, o tumawag sa 604-408-2172 (Lower Mainland) o sa 1-866-577-2525 (libreng tawag sa labas ng Lower Mainland).

Kung **kaya** mong magbayad sa isang abogado, tanungin kung tatanggapin niya ang iyong kaso. Kung kailangan mong maghanap ng isang immigration lawyer, tumawag sa Lawyer Referral Service sa 604-687-3221 (Lower Mainland), o sa 1-800-663-1919 (libreng tawag sa labas ng Lower Mainland).